

# Tungkol sa Parlamento ng Inyong Estado



## Mga Antas ng Pamahalaan

May tatlong antas ng pamahalaan sa Australya – Lokal, Estado at Pederal.

**Pederal:** Ang Pederal na antas ng pamahalaan ay responsable para sa mga isyu na nakasaad sa Konstitusyon ng Australya, gaya ng buwis, mga ugnayang internasyonal (ugnayang panlabas), depensa, imigrasyon at marami pang iba. Ang mga batas na ginagawa sa antas na Pederal ay umiiral sa buong Australya.

**Estado:** Ang mga Estado ay responsable para sa mga isyu na hindi nakasaad sa Konstitusyon ng Australya – mga bagay na iniwan upang gawin ng mga estado sa panahon ng pederasyon. Tinatalakay din ng mga Estado ang malalaking mga isyu, tulad ng edukasyon, kalusugan, mga serbisyong pang-emerhensya, ang kapaligiran at marami pang iba.

**Lokal:** May daan-daang mga lokal na council (konseho) sa buong Australya. Inaasikaso ng mga council ang mga bagay para sa mga naninirahan, tulad ng mga serbisyong pangkomunidad, mga palaruan, pagkolekta ng basura at mga permiso sa konstruksyon.

Ang Parlamento ng South Australia ay nasa Estadong antas.



## Paghihiwalay ng mga Kapangyarihan

Sa Australya, ang mga kapangyarihan upang 1) gumawa ng mga batas, 2) pagpapatupad ng batas, at 3) paggawa ng mga desisyon tungkol sa batas, ay hinati sa pagitan ng iba't ibang sangay ng pamahalaan upang ang pagkontrol ay hindi lamang nakasalalay sa iisang ahensya.

**Parlamento/Lehislatura:** Ang Parlamento ang pangunahing tagagawa ng batas. Ang nahalal na mga kinatawan na nagtatrabaho sa Parlamento ang gumagawa ng mga batas para sa mga tao.

**Executive:** Ang Executive ay ang mga Ministro (tinatawag kung minsan na Gabinete) at ang serbisyo-sibil (public service) na nagtatrabaho sa ilalim ng mga Ministro sa iba't ibang mga departamento ng Pamahalaan. Ang Executive ang nagpapatupad ng batas, o, nagpapairal nito. Halimbawa, isang guro sa isang pampublikong paaralan ay nagpapairal ng mga batas na isinagawa tungkol sa isang serbisyo ng pampublikong edukasyon. Isa pang halimbawa ng trabahong Executive ay ang pulisya, na nagpapatupad ng mga batas tungkol sa krimen na isinabatas ng Parlamento.

**Judiciary (Sistema ng korte):** Ang Judiciary ay ang sistema ng mga korte. Ang mga korte ay may pangunahing responsibilidad na gumawa ng mga desisyon tungkol sa batas, halimbawa, pagpasya kung nailapat nang wasto ang batas, o kung nagawa ito alinsunod sa saklaw ng kapangyarihan nito.

Ang Parlamento ng South Australia ang Parlamento/Lehislatura na bisig ng pamahalaan.



## Parlamento ng South Australia

---

Isang Constitution Act (Batas ng Konstitusyon) ang ipinahayag sa South Australia noong 1856 upang magkaroon ng Parlamentong bicameral (may dalawang house). Ang dalawang House ay kinilala bilang House of Assembly at Legislative Council. Makaraan ang isa sa kauna-unahan sa mundong eleksyon na ginamitan ng sikretong balota, ang unang Parlamento ng Estado ay nagpuulong noong Miyerkoles, ika-22 ng Abril, 1857.

**Ang House of Assembly:** Ang House of Assembly ay binubuo ng 47 Miyembro ng Parlamento (mga MP). Ang 47 mga MP ay nahalal upang kumatawan sa mga tao sa South Australia sa House sa loob ng 4 na taon. Ang isang MP ay kumakatawan sa isang electorate ng humigit-kumulang 25,000 na mga botante. Ang partidong pulitikal na makakabuo ng majority (karamihan) ng mga MP sa House of Assembly ang magiging Pamahalaan ng South Australia, at may kakayahan silang pumili ng mga Ministro na magpapalakad ng Executive. Ang Speaker ang nagpapanatili ng kaayusan (order), at ang simbolo ng House of Assembly ay ang Mace.

**Ang Legislative Council:** Ang Legislative Council ay binubuo ng 22 mga Miyembro (mga MLC). Ang mga MLC ay ibinoto ng mga tao sa South Australia para sa 8 taon, ang mga MLC ay kumakatawan sa buong estado. Ibig sabihin, lahat ng 22 mga MLC ay nagtatrabaho para sa iyo. Ang mga boto ay binibilang sa kakaibang paraan para sa Legislative Council, at kadalasan ay mayroong mas maraming mga partidong di masyadong mahalaga (minor) o mga independiyente sa House of Parliament na ito. Ang Presidente ang nagpapanatili ng kaayusan, at ang simbolo ng Legislative Council ay ang Black Rod.

## Ang mga Tungkulin ng Parlamento

---

Ang Parlamento ay may apat na pangunahing mga tungkulin:

**Representasyon:** Ang Parlamento ang lugar kung saan ang mga taga-South Australia ay kinakatawan ng kanilang mga Miyembro ng Parlamento. Ang mga Miyembro ng Parlamento ay maaaring magsalita tungkol sa mga Grievance Debates (mga Debate ng Hinanakit), mga Matters of Interest (mga Bagay na Mahalaga), at (Motions (mga Pagmungkahi) upang matiyak na ang mga tao sa South Australia ay dinidinig ng Pamahalaan at iba pang mga Miyembro.

**Pagsusuri:** Ang mga Ministrong responsable para sa iba't ibang mga departamento ng Pamahalaan ay nagtatrabaho rin sa Parlamento. Ibig sabihin, maaaring suriin at usisain ng inyong mga kinatawan at iba pang pulitikal na partido ang mga trabaho ng mga Ministro. Ang mga Miyembro ng Parlamento ay makakapagtanong sa mga Ministro – sa oras ng Question Time (mga tanong na walang abiso) o sa pamamagitan ng sistema ng pagtatanong “nang may abiso”.

**Pinansyal:** Ang Parlamento ang lugar kung saan inaaprubahan ang gagastusin ng Pamahalaan. Taun-taon, ang badyet ay dapat maipasa. Ito ay karaniwang iniiharap sa Hunyo para sa papasok na piskal na taon.

**Lehislatibo:** Ang Parlamento ang lugar kung saan ginagawa at binabago ang mga batas ng South Australia.

## Ang Gusali

---

Ang klasikal na gusali ay may mga haliging marmol, maadornong Corinthian ang estilo at mga nakaukit sa bato na mga Gobernador, Presidente at Speaker noong ika-19 na siglo. Ang pangunahing materyales na ginamit sa pagtatayo ay marmol buhat sa Kapunda at batong granite mula sa Victor Harbor. Ang mga kulay ng mga Chamber ay sumunod sa tradisyon ng Inglatera na kulay-pula para sa Legislative Council at kulay-berde para sa House of Assembly. Ang House of Assembly ay binuksan noong ika-5 ng Hunyo, 1889.

Noong 1936, nagregalo si Sir Langdon Bonython ng £100,000 upang masimulan ang pagtatayo ng Legislative Council na binuksan noong ika-5 ng Hunyo, 1939. Dalawang naging Premier, sina Tom Price (1905-1909) at Frank Walsh (1965-1967), ang nagtrabaho bilang mga stonemason (kantero) sa sityo.

## Pagsangkot

---

**Pagbisita:** Ang Parliament House ay nasa kanto ng King William Street at North Terrace. Ang mga sitting (pagpupulong) sa parehong House ay bukas sa mga miyembro ng publiko at ang mga bisita ay malugod na tinatanggap. Kapag walang sitting ang Parlamento, may mga guided tour na makukuha sa 10:00 ng umaga at 2:00 ng tanghali, Lunes hanggang Biyernes. Lahat ng pagbisita ay libre. Dapat mag-book ng mga school at group tour sa pamamagitan ng inyong Lokal na Miyembro ng Parlamento. Kung hindi ka makakadalo sa Parlamento nang harapan, maaari mong panoorin ang live broadcast sa online.

**Hansard:** Hansard ang opisyal na tala ng mga debate ng Parlamento. Maaari mong basahin sa Hansard ang lahat ng mga nangyayari sa Parlamento. Makukuha ang Hansard sa website ng Parlamento.

**Mga Komite:** Ang maliliit na mga grupo ng mga Miyembro ay bumubuo sa mga komite upang magsagawa ng detalyadong mga gawain para sa mga House. Ang mga Parliamentary Committees (mga Parlamentong Komite) ay may

malalawak na kapangyarihan upang kumuha ng ebidensya at magsaalang-alang at mag-ulat tungkol sa mga bagay na sakop ng kanilang mga terms of reference (mga sakop at limitasyon ng gawain). Maaaring makipag-interaksyon ang publiko sa mga komite sa pamamagitan ng pagsusumite (submissions) at pagdalo sa mga pampublikong pagdinig.

**Mga Petisyon:** Ang petisyon ay isang hiling para sa aksyon. Sinumang mamamayan, o grupo ng mga mamamayan ng South Australia, ay maaaring mag-petisyon sa alinmang House of Parliament upang gumawa ng aksyon. Halimbawa, maaaring hilingan ng petisyon ang isang House na magharap ng batas, o pawalang-bisa o baguhin ang umiiral na batas, o gumawa ng aksyon para sa isang partikular na layunin o para sa kapakinabangan ng partikular na mga tao. Ang pag-petisyon ng Parlamento ay isang matagal nang itinatag na batayang karapatan ng lahat ng mga mamamayan. Pinapahintulutan nito ang sinumang indibidwal o grupo na magharap ng hinanakit sa Parlamento. Ito ay isa sa mga direktang paraan ng pakikipagkomunikasyon ng mga tao at ng Parlamento.

**Mga Demonstrasyon:** Ang mga rally o demonstrasyon sa hagdanan ng Parliament House ay pinapahintulutan ngunit mahalaga na ang mga taga-organisa ay humingi ng pag-apruba ng Speaker at Presidente. Ito ay para sa kapakanan ng mga miyembro ng publiko na dadalo sa Parlamento o gumagamit ng daanan ng tao at kalsada at ng mga sumasali sa rally o demonstrasyon.

**Pagkontak sa mga Miyembro:** Maaari mong makita ang impormasyon ng pagkontak sa Miyembro sa aming website upang makipag-usap sa inyong mga kinatawan tungkol sa inyong mga opinyon tungkol sa mga isyu.

## Pagkumpara sa Parlamentong Pederal

	Parlamentong Pederal	
	House ng mga Kinatawan	Senado
Iba pang pangalan	Lower House	Upper House
Mga Miyembro	151	76
Representasyon	Bawat MP ay kumakatawan sa isang electorate ng 110,000 na mga botante	Bawat Senador ay kumakatawan sa kanilang estado o teritoryo. May 12 Senador para sa bawat estado, at 2 para sa bawat teritoryo.
Tagal	3 taon	6 na taon
Sistema ng Pagboto	Preferential (nilalagyan ng bilang ang mga kandidato mula sa gusto hanggang sa hindi gusto)	Proportional – isang naililipat na boto
Hurisdiksyon	Ang ginagawang mga batas ay umiiral para sa buong Australya	Ang ginagawang mga batas ay umiiral para sa buong Australya

	Parlamento ng South Australia	
	House of Assembly	Legislative Council
Iba pang pangalan	Lower House	Upper House
Mga Miyembro	47	22
Representasyon	Bawat MP ay kumakatawan sa isang electorate ng 25,000 na mga botante	Bawat MLC ay kumakatawan sa buong South Australia
Tagal	4 na taon	8 taon
Sistema ng Pagboto	Preferential (nilalagyan ng bilang ang mga kandidato mula sa gusto hanggang sa hindi gusto)	Proportional – opsyonal na preferential
Hurisdiksyon	Ang ginagawang mga batas ay para lamang sa South Australia	Ang ginagawang mga batas ay para lamang sa South Australia

## Makipag-ugnay sa amin

---

**Telepono:** +61 8 8237 9100 | 1800 182 097 (toll free)

**Sumulat sa:** GPO Box 572, Adelaide SA 5001, Australia

**Bumisita sa:** Parliament House, North Terrace, Adelaide SA 5000, Australia

**Mag-email sa:** [LegCo@parliament.sa.gov.au](mailto:LegCo@parliament.sa.gov.au) (Legislative Council)  
[Assembly@parliament.sa.gov.au](mailto:Assembly@parliament.sa.gov.au) (House of Assembly)

**Web:** [www.parliament.sa.gov.au](http://www.parliament.sa.gov.au)

**Social Media:** Facebook: @parliamentsouthaustralia  
Instagram: @parliamentsouthaustralia  
YouTube: South Australian Parliament  
Twitter: @LegCouncilSA | @AssemblySA